

Welcome sa Lipoprotein (a) Fact Check Game! Subukan ang kaalaman mo tungkol sa Lp(a) at kalusugan ng puso. Markahan ng ✓ kung **tama** ang pahayag, o hayaan itong blangko kung **mali** ito.

MGA TAMA O MALI NA PAHAYAG

- Kung alam ko na ang LDL number ko, hindi ko na kailangang magpa-test para sa lipoprotein (a), na kilala rin bilang Lp(a).
- Kung matataas ang Lp(a) level, puwede itong magdulot ng pamumuo ng plaque at pagtaas ng panganib ng pagkakaroon ng sakit sa puso.
- Kung mataas ang Lp(a) level ng isang magulang, kapatid, o anak, dapat magpa-test ang iba pang malalapit na kapamilya.
- Mga nasa hustong gulang lang ang puwedeng magpa-test para sa Lp(a).
- Mapapababa ng mga pagbabago sa lifestyle ang Lp(a) level.
- Walang epekto ang etnisidad at kasarian sa mga Lp(a) level.
- Chine-check ng mga doktor ang Lp(a) sa regular na kolesterol test.

BUOD NG MAHAHALAGANG PUNTO

Overview ng Lp(a): Ang Lp(a), o lipoprotein (a), ay isang genetic na risk factor para sa sakit sa puso.

Pagpapa-test: Hindi kasama sa mga regular na kolesterol test ang Lp(a).

Epekto: Kung matataas ang Lp(a) level, tumataas ang panganib na magkaroon ng atake sa puso at stroke.

Namamana: Kung mataas ang Lp(a) level ng isang malapit na kapamilya, dapat ding magpa-test ang mga magulang, kapatid, at anak.

Pagkontrol: Hindi nakakapagpababa ng Lp(a) level ang diyeta at ehersisyo, pero pinapabuti ng mga ito ang pangkalahatang kalusugan ng puso.



Tingnan ang iyong **mga sagot sa likod** ng dokumentong ito.



MGA SAGOT

PAHAYAG

SAGOT

<input type="checkbox"/> Kung alam ko na ang LDL number ko, hindi ko na kailangang magpa-test para sa Lp(a).	Mali: Magkaiba ang LDL at Lp(a). Hindi kasama sa mga regular na cholesterol test ang pag-check ng Lp(a).
<input checked="" type="checkbox"/> Kung matataas ang Lp(a) level, puwede itong magdulot ng pamumuo ng plaque at pagtaas ng panganib ng pagkakaroon ng sakit sa puso.	Tama: Kung mataas ang Lp(a), puwede ring tumaas ang panganib na magkaroon ng atake sa puso at stroke.
<input checked="" type="checkbox"/> Kung mataas ang Lp(a) level ng isang magulang, kapatid, o anak, dapat magpa-test ang iba pang malalapit na kapamilya.	Tama: Namamana ang Lp(a), kaya kung mataas ang Lp(a) level ng isang malapit na kapamilya, mahalagang magpa-test at hikayatin ang iba pang kapamilya na magpa-test din.
<input type="checkbox"/> Mga nasa hustong gulang lang ang puwedeng magpa-test para sa Lp(a).	Mali: Puwede ring magpa-test ang mga bata. Naitatakda ang mga Lp(a) level pagtungtong ng 5 taong gulang, at kadalasan ay hindi na ito nababago.
<input type="checkbox"/> Mapapababa ng mga pagbabago sa lifestyle ang Lp(a) level.	Mali: Mapapaganda ng diyeta at ehersisyo ang kalusugan ng puso at mapapababa ng mga ito ang pangkalahatan mong panganib na atakihin sa puso at ma-stroke, pero hindi napapababa ng mga ito ang Lp(a).
<input type="checkbox"/> Walang epekto ang etnisidad at kasarian sa mga Lp(a) level.	Mali: May mga Lp(a) level ang mga tao mula sa lahat ng lahi, pero kadalasan ay pinakamatataas ang Lp(a) level sa mga Black na indibidwal na may African descent at mga South Asian na tao. Kadalasan din na mas matataas ang Lp(a) level ng mga babaeng mahigit 50 taong gulang kumpara sa mga lalaki.
<input type="checkbox"/> Palaging chine-check ng mga doktor ang Lp(a) bilang bahagi ng cholesterol test.	Mali: Kailangan ng hiwalay na blood test para sa Lp(a) testing bukod pa sa iyong lipid panel (cholesterol test).

 *Itanong sa doktor mo kung dapat kang sumailalim sa Lp(a) test!*